LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM CIRCULAR NO. 01 S. 2018

PARA SA	:	LAHAT NG BALIWAGENYO
MULA SA	:	TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN
PAKSA	:	PAGGUNITA SA PAGKAKATATAG NG UNANG REPUBLIKA NG PILIPINAS
PETSA	:	IKA-15 NG ENERO 2018

Sa ika-23 ng Enero taong 2018, ang lalawigan ng Bulacan ay gugunitain ang **ika -119 Anibersaryo ng Pagpapasinaya sa Unang Republika ng Pilipinas** na naganap sa makasaysayang simbahan ng Barasoain sa Malolos.

Dahil dito, sa bisa ng Proklamasyon blg. 394 na may pamagat na ***"Declaring Tuesday, 23 January 2018, as a Special (Non-Working) Day in the Province of Bulacan"*** na nilagdaan ni *Executive Secretary* Salvador Medialdea noong ika-9 ng Enero 2018, ang ika-23 ng Enero ay idinedeklara bilang **Special (Non-Working) Day** sa buong Lalawigan ng Bulacan upang magbigay daan sa mga programang isasagawa sa okasyong ito.

Sama-sama nating gunitain at isabuhay ang isa sa mahalagang pangyayaring pangkasaysayan na umukit sa kaisipan at pagkatao ng bawat Bulakenyo.

Para sa kaalaman ng lahat.

FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan

MUNICIPALITY OF BALIWAG
ARO18000098

OFFICE OF THE MUNICIPAL ADMINISTRATOR BALIWAG, BULACAN
RELEASED
DATE: 01-16-18

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG

Serbisyong May Malasakit

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG BULACAN
Lungsod ng Malolos

TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN

Enero 11, 2018

MEMORANDUM : **GO-01112018-** 04

PARA SA : **LAHAT NG PUNONG BAYAN / PUNONG LUNGSOD**
LAHAT NG PINUNO NG TANGGAPAN
Pamahalaang Panlalawigan at Nasyunal
LAHAT NG PAMPUBLIKO AT PRIBADONG PAARALAN
LAHAT NG PRIBADONG TANGGAPAN
Lalawigan ng Bulacan

PAKSA : **PAGDEDEKLARA SA IKA-23 NG ENERO 2018 BILANG SPECIAL (NON-WORKING) DAY SA LALAWIGAN NG BULACAN BILANG PAGGUNITA SA PAGPAPASINAYA SA UNANG REPUBLIKA NG PILIPINAS**

Alinsunod sa **Proclamation No. 394** o kilala bilang *"Declaring Tuesday, 23 January 2018, as a Special (Non-Working) Day in the Province of Bulacan"* na inisyu ni Executive Secretary, **Salvador C. Medialdea** noong ika-9 ng Enero, 2018, ang **ika-23 ng Enero, 2018** ay idinideklara bilang *Special (Non-Working) Day* sa Lalawigan ng Bulacan bilang paggunita at pagpapahalaga sa **Pagpapasinaya ng Unang Republika ng Pilipinas** sa Makasaysayang Simbahan ng Barasoain, Lungsod ng Malolos, Bulacan.

Kaugnay nito, mangyaring ipabatid sa lahat ng inyong nasasakupan ang hinggil sa mahalagang araw na ito sa kasaysayan ng ating lalawigan at sama-sama nating gunitain ang ika-**119 Anibersaryo ng Pagpapasinaya ng Unang Republika ng Pilipinas.**

Kalakip nito ang sipi ng *Proclamation No. 394* bilang inyong reperensya.

Para sa inyong kaalaman at patnubay.

WILHELMINO M. SY-ALVARADO
Punong Lalawigan